# Balitang Manmin

BILANG 70 SETYEMBRE 16, 2012


# “Kasiya-siya ang Pagpapala sa Pagpunta sa Korea!”

## Ang Pagbisita sa Manmin ng 50 Miyembrong may Kapansanan sa Pandinig Mula sa Malaysia at Thailand










Nadama ng mga mananampalatayang bingi ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos noong bumisita sila sa Manmin. Mas lumago ang espirituwal na pananampalataya nila at lumaki ang pag-asa nila sa Langit. ■ Litrato 1: Paglapag nila sa Incheon International Airport noong Agosto 3, 2012 ■ Litrato 2: Ang Pagsamba na isinalin sa wikang Koreano, Malaysian, at Thai ■ Litrato 3: Pagsamba at Papuri sa camp fire sa Retreat sa Tag-init ng misyon para sa mga kababaihan at kalalakihan ng Manmin

Noong Agosto 3, 2012, dumating sa Manmin Central Church ang 50 miyembrong may kapansanan sa pandinig mula sa Malaysia at Thailand. Pinagpala sila ng mga mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa pamamagitan ng ‘sign language’ na isinalin sa wikang Koreano, Malay, at Thai. Nagsama-sama din sila sa pulong panalanging Daniel sa internet. Bumisita sila sa Manmin dahil maraming makapangyarihang pagkilos ang nagaganap dito.

Ayon kay Pastor Jeonghun Ji, lider ng grupo, nagkaroon sila ng malaking pagnanais na bumisita sa Manmin dahil naranasan nila ang iba’t ibang pagpapagaling sa mga pagtitipon noong Mayo, 2012. Idinaos ito sa mga sangay na iglesya para sa mga may kapansanan sa pandinig sa Thailand at Malaysia at pinangunahan ni Pastor Sooyeol Cho (Tagapayong Pastor para sa misyong ito ng Manmin Central Church). Sinabi pa niya na araw-araw ay nagpapakita ang Diyos ng bahaghari sa kanila mula Hulyo hanggang Agosto, kaya mas nasabik silang bumisita sa Korea.

Mas namangha at naunawaan nila ang Salita ng Diyos nang makadalo sila nang personal sa pang-Linggong pagsamba, magdamag na pagsamba tuwing Biyernes, at pulong panalanging Daniel, na dati ay sa internet lang nila napapanood.

At noong Agosto 6, 2012, nakilahok din sila sa tatlong araw na Retreat sa Tag-init para sa misyon ng mga kababaihan at kalalakihan. Nakasama nila dito ang mga miyembro ng Central Church, mga sangay na iglesya sa Korea, at dalawampu't tatlong bansa. Naranasan nila ang espirituwal na kaharian sa mga seminar na may paksang “Espiritu” sa pulong panalanging ‘Fullness of the Holy Spirit’ (Puspos ng Banal na Espiritu), sa mga palaro at palakasan, at sa pagsamba at papuri sa ‘camp fire’.

Binisita din nila ang lugar ng Muan Sweet Water ng Manmin Church sa probinsya ng Jeonam. Naging tubig na maaaring inumin ang tubig-dagat (alat) sa lugar na ito dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Naglublob sila sa tubig ng Muan habang ipinapanalangin ang mga minimithi nila. Nakakita sila ng mga kamangha-manghang bagay sa kalangitan.

Nagalak sila sa mainit na pagtanggap ng mga Punong Diakonesa at mga miyembro ng iglesya. Napagpala din sila sa pakikipag-usap nila kay Gng. Boknim Lee, Pangulo ng Manmin Prayer Center at Pastor Soojin Lee, ang Pastor ng Pinagsama-samang Iglesya. Masayang-masaya sila sa lugar na ito. Humaplos sa puso ng ibang mga miyembro ang mainit na pananampalataya nila.

Sinabi ng isang 43 taong gulang na kapatid mula sa Thailand, “Nalaman kong kasalanan ang kabaklaan sa pakikinig ko sa mga mensahe ni Dr. Lee sa internet. Tinalikuran ko ito kaya nagkaroon ako ng makabuluhang buhay. Nadama ko ang kabanalan nang pumasok ako sa santuwaryo ng Manmin. Matagal ko nang hinangad na makita ito nang personal. Gusto ko ring magsikap na maging banal. Nadama ko rin ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng mga kaganapan.”

Sinabi ng isang 28 taong gulang na kapatid mula sa Malaysia, “Napuno ako ng biyaya nang personal akong makadalo sa punong panalanging Daniel. May mga tutubing dumapo sa daliri ko habang nasa retreat ako. Nang bumukas ang espirituwal na mga mata ko, nakakita ako ng mga hiyas sa Muan Sweet Water Pool. Dahil sa pagbisita ko sa Manmin, nagpasiya akong magpakabanal.”

## Librong *Keys to Studying Well* ni Dr. Jaerock Lee, tulong sa pag-aaral ng Biblia, Inilathala na


Noong Agosto 31, 2012, inilathala sa wikang Koreano ang isang bagong libro na makakatulong sa mga estudyante sa pag-aaral ng Biblia. Ito ang pinaikling bersyon ng *Keys to Studying Well* ni Dr. Lee na ang layunin ay makatulong sa mga Cristianong estudyante para magkaroon ng ambisyon o maging katangi-tangi sa mundo sa kaluwalhatian ng Diyos.

Mababasa sa librong ito kung paano gamitin ang lakas ng pananampalataya at ang tulong ng Banal na Espiritu. Mababasa rin kung paano magpapataas ng IQ (sukat ng talino) sa paghubog ng puso sa katotohanan, kung paano mangingibabaw sa mga pangyayari, paano hawakan ang damdamin, at mapabuti ang konsentrasyon.


“Ang takot sa PANGINOON ang pasimula ng karunungan, at ang pagkakilala sa Banal ay kaunawaan.” (Mga Kawikaan 9:10)

Ang mga Paraan sa Pag-aaral na Nagpabuti sa Kakayahan Ko!

***Mga Paraan para Makapag-aral nang Mabuti ang mga Estudyante***




Mga Nilalaman

Kabanata 1: Ano Ba ang Gusto Kong Maging?
Kabanata 2: Layunin! – Pataasin ang IQ
Kabanata 3: Layunin! – Mangibabaw sa mga Pangyayari
Kabanata 4: Layunin! – Pagbutihin ang Konsentrasyon I
Kabanata 5: Layunin! – Pagbutihin ang Konsentrasyon II
Kabanata 6: Mga Paraan sa Paghawak ng Damdamin
Kabanata 7: Mga Tuntunin para sa Pagpapabuti
Kabanata 8: Mga Patakaran sa Pag-aaral nang Buong Puso

Klik! *Ang Pag-ibig ng Tatlong Kaharian*

# "Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos?"

"Walang sinumang dakila kaysa akin sa bahay na ito; walang anumang bagay ang ipinagkait sa akin, maliban sa iyo, sapagkat ikaw ay kanyang asawa. Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos?" (Genesis 39:9)

Ang mga puno na nasa matataas na lugar tulad ng Rocky Mountains na may taas na 3,000 metro ay hindi tutubo ng tuwid dahil sa napakalakas na hangin. Para itong mga taong nakaluhod. Pero ang kahoy ng mga punong ito ang ginagamit sa paggawa ng mga byolin (violin) na napakaganda ng tunog. Sa madaling salita, ang pinakamagaganda at magagaling na produkto ay nagmumula sa mga pinakapangit na kalagayan o kondisyon. Parang ganito ang naging buhay ni Jose.

Dumanas siya ng maraming problema sa buhay nang ipagbili siya ng mga kapatid niya sa Ehipto dahil sa selos at inggit. Subalit pinili niya ang tamang daan kahit nahihirapan siya at naging pinuno siya ng Ehipto sa edad na 30 nang mamatay ang Faraon. Sa unang tingin, parang hindi siya magtatagumpay pero itinaas siya ng Diyos at ginabayan siya para maging masagana dahil sa Diyos lang siya umasa.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Pinili ni Jose ang tamang daan at nanatiling tapat

Minahal ni Jacob si Jose nang higit kaysa iba niyang mga anak. Iginawa pa siya ni Jacob ng balabal na marami ang kulay. Dahil paborito siya ni Jacob, nagselos at nainggit sa kanya ang mga kapatid niya. Higit pa riyan, nagalit sa kanya ang mga kapatid niya dahil isinumbong niya sa ama nila ang mga ginagawang masama ng mga ito. Hindi niya inisip ang nararamdaman nila.

Isang araw, nanaginip si Jose at ipinagmalaki niya ito sa mga kapatid niya. Sa panaginip niya, nagbibigkis daw sila ng trigo sa bukid, tumindig ng matuwid ang bigkis niya at ang mga bigkis ng mga kapatid niya ay pumalibot at yumuko sa bigkis niya. Sa isa pang panaginip niya, ang araw at ang buwan at labing-isang bituin ay yumuyukod sa kanya. Nang marinig ito ng mga kapatid niya, mas lalo pa silang nagselos at nainggit. Kaya, sa bandang huli, ipinagbili nila si Jose sa mga Ismaelita. Dinala siya sa Ehipto at ipinagbili kay Potifar, ang kapitan ng mga bantay ng Faraon.

Mayaman ang pamilya ni Jose, at espesyal ang pagmamahal sa kanya ng ama niya. Pero bigla siyang naging alipin sa isang bansang Hentil. Subalit hindi siya nagtanim ng galit sa mga kapatid niya at hindi nakaramdam ng kabiguan. Umasa lang siya sa Diyos at nanatiling tapat sa araw-araw. Pinahalagahan niya ang mga pag-aari ng amo niya at pinamahalaan ito ng buong puso. Kaya pinagkatiwalaan siya ni Potifar at ginawa siyang tagapangasiwa ng lahat ng ari-arian nito.

Kasama ng Diyos si Jose na nanatiling tapat at masipag kaya pinasagana Niya ito. At biniyayaan din ang buong sambahayan ni Potifar, lahat ng pag-aari nito at pati na ang bukirin dahil kay Jose.

Pagkatapos, dumating ang pagsubok kay Jose. Dahil si Jose ay gwapo at matipuno, niyaya siya ng asawa ni Potifar na sumiping sa kanya. Tumanggi si Jose, sinabi niya, "Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos?"

Isang araw, habang walang ibang tao sa loob ng sambahayan, hinila ng asawa ni Potifar si Jose at sinubukang akitin.Tumakas siya at naiwan ang suot niya sa asawa ni Potifar. Dahil napopoot siya kay Jose sa ginawang pagtakas, nagsinungaling siya kay Potifar at binaliktad ang mga pangyayari. Ipinakita niya ang naiwang suot ni Jose. Dahil dito, ipinakulong ni Potifar si Jose kasama ng iba pang mga bilanggo.

Gayun pa man, nakilala si Jose ng punong bantay ng bilangguan, kaya ipinamahala niya kay Jose ang lahat ng nakabilanggo. Si Jose na ang gumawa ng trabaho niya. Dahil pinagbuti ni Jose ang ginagawa niya at pinili ang tamang daan, binigyan siya ng masaganang buhay ng Diyos at kinilala siya bilang lider saan man siya magpunta.

Isang araw, nabilanggo ang katiwala ng kopa at ang panadero ng Faraon ng Ehipto. Pareho silang nanaginip noong gabing iyon. Nag-alala sila dahil sa panaginip nila. Ipinaliwanag ni Jose ang panaginip nila. Pagkalipas ng ilang araw, namatay ang panadero at naibalik sa trabaho ang katiwala ng kopa gaya ng sinabi ni Jose. Subalit pagkalipas ng dalawang taon, nakalimutan na ng katiwala ng kopa ang pagpapala sa kanya.

### 2. Sa biyaya ng Diyos, naging pinuno si Jose ng Ehipto nang mamatay ang Faraon

Pagkalipas ng dalawang taon, nanaginip ng dalawang kakaibang panaginip ang Faraon. Sa unang panaginip, may pitong bakang magaganda at matataba, at ang mga ito ay kumakain ng damo, pero may dumating na pitong pangit at payat na mga baka at kinain ang magaganda at matatabang baka. Sa pangalawang panaginip, umusbong ang pitong uhay na mabibintog at malulusog sa iisang tangkay, pero, nilamon ng mga payat na uhay na tinuyo ng hanging silangan ang mabibintog at malulusog na uhay.

Walang makapagbigay ng kahulugan ng mga panaginip kaya nababagabag ang Faraon. Hindi ito maipaliwanag ng mga salamangkero at mga pantas. Naalala ng puno ng mga katiwala ng kopa si Jose kaya sinabi niya ito sa Faraon. Ipinatawag ng Faraon si Jose at sinabi, "Mayroon akong panaginip pero walang makapagpaliwanag nito sa akin; nabalitaan ko na kapag narinig mo ang panaginip ay maipapaliwanag mo." (Genesis 41)

Sumagot si Jose, "Hindi ako, ang Diyos ang sasagot sa kapayapaan ng Faraon." Nang marinig niya ang tungkol sa panaginip, ipinaliwanag niya ang mga ito sa tulong ng Diyos. Sinabi niyang ang pitong matatabang baka at ang pitong mabibintog na uhay ay pitong taong kasaganahan. Ang pitong mapapayat at pangit na mga baka na dumating pagkatapos ng pitong taon, at ang pitong uhay na tinuyo ng hanging silangan ay ang pitong taong taggutom. Ito ay magiging napakatindi. Ang pag-ulit ng panaginip ng Faraon nang dalawang beses ay nangangahulugang itinakda na ng Diyos ang bagay na ito, at mangyayari sa lalong madaling panahon.

Pagkatapos maipaliwanag ang mga panaginip, sinabi ni Jose kung paano haharapin ang mangyayari. Pinayuhan niya ang Faraon na humanap ng isang taong marunong umunawa at matalino, at pamahalain ito sa lupain ng Ehipto para paghandaan ang pitong taong taggutom sa pagtitipon ng pagkain sa panahon ng kasaganahan. Humanga ang Faraon sa talino ni Jose kaya hinirang niya si Jose para maging pinuno ng buong Ehipto. Ang posisyon ni Jose ay pangalawa sa Faraon na hari ng Ehipto.

Noong pitong taon ng kasaganahan, naging maganda ang ani. Kaya tinipon ni Jose ang lahat ng pagkain sa loob ng pitong taong ito. Nang dumating ang pitong taong taggutom sa lupain, mayroon pa ring pagkain sa Ehipto. Lahat ng mga taga-Ehipto at iba pang lugar ay bumibili kay Jose ng pagkain. Kasama sa mga bumili sa kanya ng pagkain ay ang mga kapatid niya na naninirahan sa lupain ng Canaan. Ipinagbili siya ng mga ito noong 17 taong gulang pa lang siya sa Ehipto dahil sa selos at inggit. Kahit nagdusa siya sa loob ng 13 taon sa ibang bansa, hindi siya nagalit sa mga kapatid niya. Kundi sinabi niya sa kanila, "Ipinadala ako ng Diyos na una sa inyo para magligtas ng buhay."

Si Jose, na isang mabuting tao, ay lubos na ginamit ng Diyos para matupad ang kalooban Niya para sa Israel.

### 3. Hindi nagkasala si Jose, kundi binago niya ang buhay ng mga makasalanan

Kapag kinikilala natin ang Diyos at lumalakad tayo sa tamang daan tulad ni Jose, hindi lang natin maiiwasang magkasala, matutulungan pa nating magbago ang mga nagkakasala.

Bilang pastor, iniisip ko palagi kung paano babaguhin ang mga tao para maluwalhati nila ang Diyos. Kahit magkasala sila, humahanap ako ng paraan para buwagin ang pader ng kasalanan. Dahil gusto kong ipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa bawat oras, humahanap ako ng paraan para baguhin ang mga makasalanan para mabiyayaan din sila.

Dahil ganito ang ginagawa ko, maraming tao na ang nagbago at lumakad sa katotohanan. Lumago ang pananampalataya ng mga miyembro ng iglesya. Pinoprotektahan sila ng Diyos sa lahat ng klase ng aksidente at pagdurusa at binibigyan sila ng umaapaw na kaligayahan at pasasalamat.

Mahal kong mga kapatid, umaasa akong tatandaan ninyo kung gaano kaganda ang mabuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos at ang pag-iwas sa kasalanan. Tulad ni Jose, huwag tayong magkasala kahit na ano pa ang mangyari, kundi umasa lang tayo sa Diyos at maging tapat sa lahat ng mga ginagawa natin. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kayo ay maging mabubuting tao na tumutupad sa mga tungkulin ninyo, magkaroon ng masaganang buhay, at magbigay ng malaking kaluwalhatian sa Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Mas Mabuting Pag-unawa sa VeriChip™




Ang VeriChip™ ay isa sa mga produktong gumagamit ng teknolohiyang RFID (Radio Frequency Identifiction)

VeriChip ang tawag sa aparato na pagmamay-ari ng VeriTeQ Acquisition Corporation, kahit ito ay inimbento ng VeriChip Corporation (na kilala bilang PositiveID Corporation). Noong Enero 2012, nakuha o binili ng VeriTeQ Acquisition Corporation ang VeriChip, isang napakaliit na 'chip' na maaaring ipasok sa katawan ng tao, at ang iba pang teknolohiyang may kaugnayan dito. Ginagamitan ito ng RFID (Radio Frequency Identification).

Ang teknolohiyang ito ay matagal nang ginagamit sa mga pampublikong sasakyan na may 'transportation card'. Ginagamit ito sa Korea kapag sumasakay sa bus o sa subway. (Katulad ito ng card na ginagamit sa LRT o MRT dito sa Pilipinas).

Simula sa Enero 1, 2013, ipapatupad na ng gobyerno ng Korea ang batas na magpoprotekta sa mga hayop. Lahat ng may alagang aso sa mga lungsod at distrito na may populasyong mahigit sa isandaan ay dapat na palagyan ang mga alaga nila ng RFID 'chip'. Kaya inaasahang ang 'chip' na ito ay malawakang ipapakalat.

Malalaman ang mahahalagang personal na impormasyon sa pamamagitan ng 16 na numero na nakatalaga sa bawat isang tao

Ang VeriChip ay pangalang nagmula sa dalawang salita: 'Verification' na ang ibig sabihin ay pagpapatunay o pagtitiyak at 'Chip', isang maliit na pirasong silicon na bahagi ng semiconductor (daluyan). Ang VeriChip na nasa loob ng katawan ng tao ay maglalabas ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kanya na nakatala sa isang 'database' kapag idinaan sa RFID. Dahil sa nakatalagang numero, madali nang makilala ang isang tao, mababasa na ang rekord tungkol sa kalusugan niya, at marami pang ibang impormasyon. May ilang ospital na sa Estados Unidos ang gumagamit ng VeriMed™ na tumutulong sa mga doktor na makuha ang mga impormasyong kailangan nila.

Sa situwasyon sa Korea, ang numerong nakatalaga o naka-assign sa isang tao ay patunay ng pagiging mamamayan niya doon, at ang RFID chip na may numero niya ay maaaring ilagay sa katawan niya. Noong Oktubre 2004, inaprubahan ng U.S. FDA (Food and Drug Administration) ang paggamit ng VeriChip™ sa mga bagay na pang-medikal. Hanggang ngayon, ito pa lang ang 'microchip' na aprubado ng FDA na maaaring ipasok sa katawan ng tao.

Ang hugis ng VeriChip ay 'cylindrical' (parang maliit na tubo, tuwid ang mga gilid at pabilog ang magkabilang dulo), ang sukat nito ay 11.5mm x 2.1mm, mayroon itong antena sa loob. May 'microchip' sa computer na naglalaman ng mahigit sa 70 trilyong pagkakakilanlang numero na nakatalaga sa bawat isang tao. Ang panlabas na bahagi nito ay gawa sa 'soda lime glass' na walang masamang epekto sa tao, at hindi ito naaalis sa pwesto. Inirerekomenda na ipasok ang 'chip' sa braso gamit ang isang espesyal na iniksyon pagkalagay ng anesthesia (pampamanhid).

Ang mga produktong may RFID na naipapasok sa katawan ng mga hayop ay produkto ng Avid ID ng Estados Unidos; Virbac, ng France; at Trovan, ng United Kingdom. Ipinagbibili na ito sa publiko. Nakagawa na rin ang VeriChip Corporation ng chip na maaaring ituro kung saan nandoon ang mga hayop sa pamamagitan ng GPS (Global Positioning System). Noong 2009, nakakuha ito ng patent (eksklusibong karapatan para gamitin ang chip, walang ibang pwedeng gumamit) sa Patent Office ng Estados Unidos. Ginagamit ito para hanapin ang mga ligaw at mailap na hayop at para sa pamamahala ng bakahan.

Kasama sa bagong panukalang-batas sa pangangalaga ng kalusugan ng Estados Unidos ang panustos sa 'chip' na ito. Ipapatupad ang batas na ito sa 2013.

Ang dahilan kung bakit nagiging malaking usapin ang VeriChip sa Estados Unidos ay sapagkat ipinag-uutos ng panukala na gamitin ang 'chip' sa mga tao. Nais na suportahan ng panukalang ito ang mahigit sa 32 milyong Amerikano na walang health insurance. Pero nasa panukala din na dapat silang lagyan ng RFID 'chip' sa loob ng katawan nila.

Noong Marso 21, 2010, ipinasa ng House of Representatives ang panukala. Pagkaraan ng dalawang araw, nilagdaan ito ng Pangulong Barack Obama at naging batas ito. Sinasabing dapat ipatupad ito nang hindi lalampas sa 36 na buwan matapos itong isabatas. Ibig sabihin, bago dumating ang Marso 23, 2013.

Noong Disyembre 13, 2010, sinabi ng isang huwes sa Virginia na labag sa konstitusyon ang batas na ito dahil hindi dapat ipag-utos na bumili ng 'health insurance' ang mga mamamayan. Subalit nagpasya ang pinakamataas na hukuman na ito ay naaayon sa konstitusyon, sa boto ng 5 huwes laban sa 4 noong Hunyo 28, 2012. Dahil dito ipapatupad na ang batas na ito.

Ang 'chip' na ito ay pwedeng gamitin para subaybayan at kontrolin (isailalim sa kapangyarihan ng sinumang namumuno) ang lahat ng tao sa lahat ng bansa

Ginagamit na sa maraming bansa ang VeriChip. Sa Mexico, ginagamit ito sa pagpapatupad ng batas para matukoy ang mga grupong may kinalaman sa droga. Isinusulong ng ilang aliwan (bar o club) sa Netherlands, Scotland, at Miami (Estados Unidos) ang paggamit ng VeriChip ng mga suki o parokyano nila para sa mabilis na pagpasok sa klub at sa pagbabayad. Sa mga paraang ito, nagagamit ito bilang ID at sa pagnenegosyo sa internet. Hindi pa ito nasusubukang ipasok sa katawan ng tao, pero nadebelop na ito at maaari nang magamit sa pagbabantay at pagsusubaybay.

Sinasabi sa Apocalipsis 13:16-17, "At ang lahat, ang hamak at ang dakila, ang mayayaman at ang mga dukha, ang mga malaya at ang mga alipin ay pinalagyan nito ng isang tanda sa kanilang kanang kamay o sa noo, upang walang sinumang makabili o makapagbili, maliban ang may tanda, samakatuwid, ng pangalan ng halimaw o ng bilang ng pangalan nito." Sinasabi sa atin dito na pipilitin ng anti-Cristo ang lahat ng tao sa buong mundo na magpatatak ng tanda ng halimaw. Sa paraang ito mababantayan at masusubaybayan niya ang mga ginagawa nila buong araw, bawat araw, sa pangalawang bahagi ng pitong-taong Malaking Kapighatian.

Magkagayun man, hindi pa natin tiyak kung ang tanda ng halimaw ay tumutukoy sa ginagamit ngayong 'bar-code', sa sistema ng VeriChip, o kung ano pa mang makabagong teknolohiya. Pero dapat nating malaman na ang sistemang ito ay maaaring gamitin para subaybayan at kontrolin ang mga tao sa buong mundo sa pamamagitan ng koneksyon nito sa isang napakamakabagong computer. Kung iisipin ninyo, napakalapit na ng mga huling araw. Dapat tayong magmadaling tapusin ang paggagayak natin bilang babaing ikakasal sa Panginoon.



Elder Kwanggyu Ko
(Direktor ng Pagsasaliksik sa Mirae M&H)

| Pinag-aralan at Mga Posisyong Hinawakan sa Trabaho |

Kasalukuyang Direktor ng Pagsasaliksik sa Mirae M&H mula Nobyembre 2011 hanggang sa kasalukuyan
Naging Direktor ng Pagsasaliksik sa Interbro Co., Ltd. mula Hulyo 2008 hanggang Oktubre 2011
Naging Direktor ng Pagsasaliksik sa DigitalWay Co., Ltd. (M-Pio Co., Ltd.) mula Marso 2000 hanggang Hunyo 2008
Nagtrabaho bilang punong tagapagsaliksik sa 'multimedia' sa Samsung Electronics mula Enero 1990 hanggang Pebrero 2000
Master's Degree sa Computer Science at Engineering sa Pohang University of Science and Technology, 1990
College Degree sa Mechanical Design sa College of Engineering ng Seoul National University, 1988

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714



# "Naging Tunay na Anak Ako ng Diyos Dahil sa Pag-ibig ng Panginoon"

**June Rebecca Loh Yoon Earn** (Singapore)

Nagpunta ako sa Korea kasama ng asawa ko para makibahagi sa retreat sa tag-init ng Manmin Central Church, noong taong 2012, para sa misyon ng kababaihan at kalalakihan. Kamangha-mangha ang biyayang nakuha ko dito, lumago pa ang pananampalataya ko.

Ipinanganak ako sa isang pamilyang Cristiano kaya nagsisimba na ako mula pa noong bata ako. Pero matagal ko nang hindi nararamdaman ang pagmamahal sa akin ng Panginoon. Isang araw, bigla kong naramdamang mahal ako ng Panginoon nang sinabi Niya sa akin na mahal Niya ako at sasamahan Niya ako. Pagkatapos noon, malaki ang ipinagbago ko, nagsimula akong mag-aral nang mabuti. Nagtrabaho ako sa Singapore Airlines bilang 'flight attendant' o 'stewardess' sa loob ng limang taon.

Noong 2007, binigyan ako ng kaibigan kong misyonera, si Wong Ping Ping (nagtrabaho siya dati sa Far East Broadcasting Company) ng mga libro ni Dr. Jaerock Lee tulad ng *The Message of the Cross*, *Heaven I*, at *Hell*. Sa pagbabasa ko, naunawaan ko nang malinaw ang tungkol kaligtasan, sa Langit at sa Impiyerno. Napagpapala rin ako sa mga mensahe tungkol sa Sabbath at kabutihan sa pagbabasa ko ng magasin na Manmin.

Nangusap sa puso ko ang mga mensahe ni Dr. Lee at hinimok akong magpakabanal. Marami na akong dinaluhang iglesya sa iba't ibang bansa, pero wala akong nakitang iglesya na binibigyang diin ang pagpapabanal. Habang pinapakinggan ko ang ebanghelyo ng kabanalan, nalaman ko kung ano ang kasalanan at bilang anak ng Diyos dapat akong tumulad sa Kanya.

Nagkwento rin si Wong Ping Ping tungkol sa iba't ibang pagkilos ng Diyos. Lahat ng ito ay mula sa Banal na Espiritu. Tulad ng mapait na tubig ng Mara na naging tubig na naiinom gaya ng sinabi ng Exodo 15:25, ang tubig-alat sa Muan ay naging tubig na pwedeng inumin. Tinawag itong Muan Sweet Water. Kamangha-mangha ito. Sinabi niya na kung iinumin at ipapahid ang tubig sa katawan ng mga taong may pananampalataya, ay gagaling sila sa lahat ng mga karamdaman at tatanggap ng sagot sa mga minimithi nila sa buhay. Kasiya-siya ring marinig ang tungkol sa Muan Sweet Water Aquarium kung saan magkasamang nabubuhay ang isdang-dagat at isdang-tabang. Gusto kong maranasan ang pagkilos ng Diyos sa lugar ng Muan Sweet Water. Kinausap ko ang asawa ko at nagpasya kaming sumali sa retreat sa tag-init ng Manmin.

Dumating ako sa Manmin Central Church sa Seoul, Korea noong Agosto 3, 2012. Dumalo ako sa magdamag na pagsamba sa araw ng Biyernes na nagsimula nang ika-11 n.g. Ito ang tunay na pagsamba sa Diyos, banal at dakila. Ang pag-awit ng choir, pagtugtog ng Nissi Orchestra, at ang mga espesyal na pagtatanghal ay nagpaalala sa akin ng Langit. Ang mga miyembro ay palaging nakangiti at mukhang masasaya. Maraming mananampalatayang taga ibang bansa ang bumisita sa iglesya para sa retreat. Pinagsilbihan silang mabuti ng iglesya, nakakataba ito ng puso!

Noong Agosto 6, 2012, nagsimula na ang retreat. Ang lahat ng programa ay puno ng pagpapala, emosyon, at pag-ibig ng Diyos. Ito ay panahon ng tag-init sa Korea, pero malamig ang simoy ng hangin sa lugar na pinagdausan, may mga bumabang tutubi mula sa langit at dumapo sa katawan ko, nakakita rin ako ng nagsasayawang mga bituin.

Bumisita ako sa lugar ng Muan Sweet Water noong Agosto 8, 2012. Naantig ang puso ko sa katotohanang dinala ako ng pag-ibig ng Diyos sa lugar kung saan may naganap na himala tulad ng nangyari noon sa Biblia.

Marami akong natutuhan sa pagbisita ko sa Korea. Masaya akong matanto na may espesyal na karapatan ako bilang anak ng Diyos na makapunta sa Bagong Jerusalem at tumanggap ng mga biyaya dito sa lupa kung susundin ko ang kalooban Niya.

# "Salamat, Panginoon, sa Paggabay Mo sa Akin Mula sa Magulong Buhay Patungo sa Kabanalan"

**Kap. Sriyanont Somchai, estudyante sa seminaryo** (Surat Thani Manmin Church, para sa mga bingi, Thailand)

Ipinanganak akong may diperensya sa pandinig. Ang ama ko ay Intsik at ang ina ko naman ay nagmula sa Indonesia. Dumaan ako sa maraming hirap dahil nagmula sa magkaibang lahi ang mga magulang ko. Higit pa riyan, babaero ang tatay ko, kaya hindi normal ang situwasyon ng pamilya namin. Nagkaroon ako ng tatlong madrasta at wala sa piling ko ang tunay kong ina.

Wala akong maasahan sa ganitong situwasyon, kaya nagpalipat-lipat ako ng tirahan. Subalit hindi ko sinasadyang maging katulad ng ama ko. Dumadalo ako sa iglesya mula noong 19 taong gulang ako, pero nagpapatuloy pa rin sa magulong buhay dahil hindi tunay ang pananampalataya ko. Napakababaero ko.

Samantala, nakilala ko si Pastor Jeonghun Ji, pangalawang tagapayong Pastor ng misyon para sa mga may kapansanan sa pandinig ng Manmin Central Church at misyonero sa Malaysia habang ako ay nagtatrabaho sa Deaf Association sa Hat Yai, Thailand. Noong Enero 2010, ibinalita niya sa akin ang tungkol sa ebanghelyo ng kabanalan at ang mga makapangyarihang pagkilos na nagaganap sa Manmin Central Church.

Dahil kay Pastor Ji, nakilala ko rin ang kapatid na Joseph Limbangpil, isang estudyante sa seminaryo, na nagmiministeryo sa Hat Yai Manmin Church para sa mga bingi sa Thailand. Palagi niyang ikinukwento sa akin ang tungkol sa mga sermon ni Dr. Lee at ang makapangyarihang mga kaganapan sa pag-uusap namin sa internet. Sinabi niyang gagaling ang mga karamdaman ng mga taong may pananampalataya kung tatanggapin nila ang dalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit. Ang panalanging ito ay lumalampas sa kalawakan at panahon.

Noong Abril 2010, nagkita-kita ulit kami nina Pastor Ji at Joseph. Ipinaliwanag ni Joseph ang tungkol sa Impiyerno habang ipinapakita sa akin ang libro ni Dr. Lee na *Hell*. Ginulat ako nang husto ng librong ito kaya tumigil ako sa pakikipagtalik sa iba-ibang babae at nagpasyang magbago. Pinagsisihan ko ang mga kasalanan ko, nanalangin at nag-ayuno ako sa unang pagkakataon.

Pagkatapos, dumalo ako sa Hat Yai Manmin Church para sa mga Bingi. Dalawang beses lang ako kumakain araw-araw sa loob ng dalawang buwan bilang pag-aayuno at sinikap kong isabuhay ang Salita ng Diyos. Habang binabasa ko ang libro ni Dr. Lee na *The Message of the Cross*, natanto ko ang kalooban ng Diyos tungkol sa kaligtasan tulad ng 'dahilan kung bakit inilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakaalam ng mabuti at masama' at ang 'mga dahilan kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin'. Binago ng librong ito ang buhay Cristiano ko. Hindi ako huminto sa pananalangin gabi-gabi. Nagbago ang buhay, ugali at pananalita ko.

Noong Hunyo 2010 at Mayo 2012, bumisita sa Thailand si Pastor Sooyeol Cho ng Manmin Central Church ng Korea. Nangaral siya tungkol sa buhay na Diyos at sa panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Niluwalhati ang Diyos ng maraming tao sa kanilang mga patotoo ng paggaling. Isang malaking pagkakataon ito para lumago ang pananampalataya ko. Nagpasya akong tanggapin ang pinagpalang tungkulin ng pangangalaga sa mga kaluluwa at pagbabahagi ng ebanghelyo.

Noong Agosto 3, 2012, bumisita ulit ako sa Korea para makibahagi sa retreat sa tag-init para sa misyon ng kababaihan at kalalakihan ng Manmin. Kasama ko dito ang ibang mga mananampalatayang may kapansanan sa pandinig na mula sa Thailand at Malaysia. Sa unang pagbisita ko sa Manmin noong 2010, nakita ko kaagad na ang iglesya ay puno ng kapangyarihan ng Diyos at ng pag-ibig ng Panginoon.

Nakilala ko si Dr. Lee sa unang pagkakataon. Sa tingin ko, siya ay isang taong may mabuting puso at punung-puno ng pag-ibig. Para siyang isang maamong ama. Nawalang bigla ang sama ng loob at sakit ng kalooban ko dahil iniwanan ako ng mga magulang ko. Umapaw ang kaligayahan ko at pasasalamat dahil natanto ko na ang Diyos ang aking Ama at kasama ko si Dr. Lee na nagpapaalala sa akin ng katotohanang ito.

Ang retreat sa tag-init ay puno pa rin ng pagpapala at katotohanan. Lalo na nang maranasan ko ang isang kamangha-manghang bagay sa lugar ng Muan Sweet Water kung saan napalitan ang tubig-alat ng tubig na pwedeng inumin gaya ng nangyari sa Mara (Exodo 15:25). Binuksan ng Diyos ang espirituwal na mga mata ko at ipinakita sa akin ang mga hiyas sa Langit.

Babalik ako sa bansa ko na dala-dala ang mga mamahaling hiyas sa puso ko. Susulong ako sa pag-asang magiging napakakinis at napakagandang hiyas ako dahil sa pagmamahal ng Diyos Ama at Panginoon. Hallelujah!

